

Ang Iyong mga Karapatan sa Pamantayan sa Trabaho: Ahensiya ng Pansamantalang Tulong ng Itinalagang mga Empleyado

Pagtatatuwa: Ang mapagkukunan na ito ay inihanda upang tulungan ang mga empleyado at mga employer na maunawaan ang ilan sa mga pinakamababang karapatan at obligasyon na naipatulad sa ilalim ng Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Act, ESA), 2000 at mga regulasyon. Hindi ito legal na payo. Hindi nito layunin na palitan ang ESA o mga regulasyon at dapat na laging sumangguni sa opisyal na bersyon ng batas. Bagama't pinagsisikapan naming siguruhin na ang impormasyon sa mapagkukunan na ito ay napapanahon at tama hangga't maaari, may mga pagkakamali na paminsan-minsan nangyayari. Ang ESA ay nagbibigay ng mga pinakamababang pamantayan lamang. Ang ibang mga empleyado ay maaaring may higit na karapatan sa ilalim ng isang kontrata ng trabaho, panlahat na kasunduan, karaniwang batas o iba pang mga batas. Ang mga employer at empleyado ay maaaring kumuha ng legal na payo kung kanilang nais.

Itinalagang mga empleyado ng isang ahensiya ng pansamantalang tulong

Ikaw ay isang itinalagang empleyado ng isang ahensiya ng pansamantalang tulong kung ikaw at ang ahensiya ay nagkasundo na itatalaga ka o susubukang itatalaga ka sa isang pansamantalang pagtatalaga sa isang kliyenteng pangnegosyo (o mga kliyenteng pangnegosyo) ng ahensiya. Mayroon kang relasyon ng trabaho sa ahensiya kahit na wala ka sa isang pagtatalaga sa isang kliyenteng pangnegosyo ng ahensiya.

Kung ikaw ay nasa isang pagtatalaga, ang ahensiya pa rin ang iyong employer: hindi ang kliyenteng pangnegosyo ang iyong employer. Kung ikaw ay magbitiw sa ahensiya o kung tapusin ng ahensiya ang kanilang relasyon sa trabaho sa iyo, matitigil ang pagiging itinalagang empleyado mo.

Ang pilyegas ng impormasyon na ito ay magbibigay ng buod ng mga karapatan ng mga itinalagang empleyado ng mga ahensiya ng pansamantalang tulong (rights for assignment employees of temporary help agencies) sa [Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho, \(Employment Standards Act, ESA\) 2000](#). Ang ESA ay isang batas na nagtatakda ng pinakamababang mga pamantayan sa karamihan sa mga lugar ng pinagtatrabahuhan sa Ontario, gaya ng pinakamababang sahod, limitasyon sa oras ng trabaho, bayad sa overtime, mga bakasyon at mga

walang bayad na pagliban mula sa trabaho para sa mga tukoy na rason. Ang mga espesyal na mga patakaran at pagkalibre ay maaaring gamitin depende sa uri ng iyong trabaho. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa Ontario.ca/ESAguide.

Karapatan sa mga pampublikong piyesta opisyal at bayad sa pampublikong piyesta opisyal

May siyam na piyesta opisyal sa Ontario. Karaniwan, kung ikaw ay nasa pagtatalaga at ang piyesta opisyal ay tumapat sa araw na pangkaraniwang kang nagtatrabaho, may karapatan kang hindi pumasok sa araw ng piyesta opisyal at mabayaran ng bayad sa piyesta opisyal para sa araw na iyon. Ang bayad sa pampublikong piyesta opisyal ay ang kabuuang regular na mga kita at ang bayad sa bakasyon ay babayaran sa loob ng apat na linggo ng pagtatrabaho bago ang linggo ng trabaho kung saan naganap ang pampublikong piyesta opisyal, na nahati sa 20.

Kung sumang-ayon ka nang nakasulat na magtarabaho sa piyesta opisyal, mayroon kang karapatan sa bayad para sa pampublikong piyesta opisyal at premium na bayad (hindi bababa sa isang-kalahating katumbas ng iyong regular na halaga ng bayad), o iyong regular na halaga ng bayad dagdag ang kapalit na araw ng hindi pagpasok na may kasamang bayad para sa pampublikong piyesta opisyal.

Kung ang pampublikong piyesta opisyal ay tumapat sa araw kung kailan ikaw ay nakatalaga subali't hindi karaniwang nagtatrabaho ng araw na iyon (o ikaw ay nakabakasyon), mayroon kang karapatan sa kapalit na araw ng hindi pagpasok na may bayad para sa pampublikong piyesta opisyal, o maaari kang pumayag (nang nakasulat) sa bayad para sa piyesta opisyal lamang. Kung ang pampublikong piyesta opisyal ay tumapat sa araw kung kailan ikaw ay hindi nakatalaga, maaari kang mabigyan ng bayad para sa piyesta opisyal.

Karapatan sa abiso ng pagkatanggal sa trabaho at bayad sa pagkatanggal

Kung ikaw ay nagtatrabaho sa isang ahensiya ng pansamantalang tulong ng hindi bababa sa tatlong buwan, karaniwan kang may karapatan na makatanggap ng abiso ng pagkatanggal kung tapusin ng ahensiya ang inyong relasyon sa trabaho. Maaari kang makatanggap ng abiso habang nagtatrabaho, abiso na bayaran sa halip na magtrabaho, o kombinasyon ng dalawa. Karaniwan, ang pinakamababang abiso na iyong dapat na makuha ay mula sa isang linggo (kung ikaw ay nakapagtrabaho ng hindi bababa sa tatlong buwan subali't wala pang isang taon) hanggang walong linggo (kung ikaw ay nagtatrabaho ng walong taon o higit pa). Ang iyong karapatan sa abiso ay nalalaman sa pamamagitan ng kung gaano ka katagal na nagtrabaho sa ahensiya, hindi ang haba ng panahon na nagtatrabaho ka sa mga pagtatalaga sa (mga) kliyenteng pangnegosyo ng ahensiya.

Iba-ibang patakaran ang ginagamit sa isang maramihang pagtatanggal kung 50 o higit pang mga itinalagang empleyado ang tatanggalin sa loob ng parehong apat-na-linggong panahon.

Kung ikaw ay naging empleyado ng isang ahensiya ng limang taon o higit pa, maaaring may karapatan ka rin sa bayad sa pagkakatanggal kung tapusin ng ahensiya ang iyong pagtatrabaho.

Para sa karagdagang impormasyon sa abiso ng pagkatanggal, maramihang pagtatanggal at bayad sa pagkatanggal, mangyaring tingnan ang kapitulo ng “Mga Ahensiya ng Pansamantalang Tulong (Temporary Help Agencies)” sa [Iyong Gabay sa Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 \(Your Guide to the Employment Standards Act, 2000\)](#), na makikita sa Ontario.ca/ESAGuide.

Hindi ka maaaring singilin ng ahensiya ng ilang tukoy na mga babayaran

Hindi ka maaaring singilin ng bayad ng ahensiya sa pagiging empleyado nito o sa pagtulong na maghanap ng tranaho para sa iyo. Hindi ka maaaring singilin ng bayad para sa pagbigay sa iyo ng impormasyon o ng payo kung paano sumulat ng isang resume o maghanda para sa isang panayam, kahit pa ang impormasyon o payo ay ibinigay sa iyo dahil iyong hiniling.

Kung gusto ng isang kliyenteng pangnegosyo na bigyan ka ng sangguni sa trabaho o kunin ka para maging emelyado nito

Hindi maaaring pigilan ng isang ahensiya ang kliyenteng pangnegosyo mula sa pagbibigay sa iyo ng sangguni sa trabaho.

Hindi maaaring pigilan ng ahensiya ang kliyenteng pangnegosyo sa pagkuha sa iyo nang direkta kung nais itong gawin ng kliyenteng pangnegosyo. Kung ilagay ka ng ahensiya sa isang pagtatalaga sa isang kliyenteng pangnegosyo, maaari nitong singilin ang kliyenteng pangnegosyo ng bayad para sa pagkuha sa iyo, subali't sa anim na buwang panahon lamang sa simula ng araw na una kang nagtrabaho para sa kliyenteng pangnegosyo.

Kung gusto kang kunin sa trabaho ng kliyenteng pangnegosyo, hindi maaaring sabihin ng ahensiya na hindi mo ito maaaring kunin. Hindi ka maaaring singilin ng bayad ng ahensiya kung gusto kang kunin sa trabaho ng kliyenteng pangnegosyo.

Kailangan na magbigay ng impormasyon tungkol sa ahensiya

Ang ahensiya ay dapat na magbigay sa iyo ng legal na pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ang impormasyon na ito ay dapat na ibigay, nang nakasulat, sa lalong madaling panahon matapos na ikaw ay maging itinalagang empleyado.

Ang impormasyon tungkol sa mga pagtatalaga ay dapat na ibigay

Kapag binigyan ka ng ahensiya ng mga pagtatalaga sa isa sa mga kliyenteng pangnegosyo, kailangan na ibigay sa iyo ang legal na pangalan at impormasyon ng pakikipag-ugnayan ng kliyenteng pangnegosyo; ang halaga ng pasahod at mga benepisyo (kung mayroon); mga oras ng pagtatrabaho; pangkalahatang paglalarawan ng trabaho; ang tinatayang haba ng pagtatalaga (kung alam); at ang sakop ng mga araw na babayaran at araw ng sweldo. Kung ibinigay ng

ahensiya sa iyo ang impormasyon na ito, subali't hindi ito ibinigay nang nakasulat nang ibinigay ang alok, kailangang ibigay ito nang nakasulat sa lalong madaling panahon.

Ang impormasyon tungkol sa ESA

Inaatasan ang ahensiya na magbigay sa iyo ng kopya ng pilyegas ng impormasyon sa lalong madaling panahon matapos na ikaw ay maging itinalagang empleyado.

Kung ang iyong pangunahing wika ay hindi Ingles, kailangan na alamin ng ahensiya kung ang pilyegas ng impormasyon ay makukuha sa iyong pangunahing wika, at kung oo, kailangang ibigay ng ahensiya sa iyo ang parehong Ingles na bersyon at ang dokumentong naisalin sa wika sa iyo. Ang iba-iba't wikang mapagkukunan ng impormasyon ay makikita sa Ontario.ca/employmentrights.

Kailangan ka ring bigyan ng ahensiya ng kopya Karatula ng mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Poster) na inilathala ng Ministeryo ng Gawa (Ministry of Labour) sa loob ng 30 araw na ikaw ay maging empleyado.

Kung ikaw ay humingi ng karatula sa wika maliban sa Ingles at naglathala ng ministeryo ng bersyon sa wikang iyon, kailangang ibigay ng ahensiya ang bersyon na isinalin sa wika kasama ng kopyang nasa Ingles. Ang karatula ay makikita sa Ontario.ca/ESAposter.

Hindi ka maaaring maparusahan sa pagtatanong tungkol sa o paggamit ng iyong mga karapatang ESA

Kung nagtanong ka tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA o hilingin na maibigay ang iyong mga karapatan, hindi ka maaaring parusahan ng ahensiya o ng kliyenteng pangnegosyo sa anumang paraan, kasama na ang pagtapos sa iyong pagtatalaga. May karapatan ka rin na hindi maparusahan ng iyong ahensiya o ng kliyente sa pagtatanong tungkol sa paggamit ng iyong mga karapatang ESA.

Ang ahensiya at kliyenteng pangnegosyo ay dapat na magtabi ng mga tala

Ang ahensiya at ang kanilang mga kliyenteng pangnegosyo ay kinakailangan na itala ang bilang ng oras na nagtrabaho ka para sa kanila sa bawat araw at bawat linggo.

Ang ahensiya at ang kliyente ay parehong maaaring managot para sa iyong mga sweldo

Simula noong Nobyembre 20, 2015, kung ikaw ay gumawa ng trabaho para sa isang kliyenteng pangnegosyo o mga kliyenteng pangnegosyo at hindi nabayaran ng ahensiya ang lahat o bahagi ng iyong mga sahod para sa sakop na mga araw ng sweldo, ang (mga) kliyenteng pangnegosyo ay maaaring kasama at sama-samang managot para sa bahagi o lahat ng mga sweldong hindi

nabayaran. Ang mga kliyenteng pangnegosyo ay partikular na maaaring papanagutin para sa hindi bayad na regular na sweldo, bayad sa overtime, bayad sa pampublikong piyesta opisyal at dagdag na halaga sa bayad sa pampublikong piyesta opisyal. Kung mahigit sa isang kliyenteng pangnegosyo ang mananagot sa isang sakop na mga araw ng sweldo, bawat kliyenteng pangnegosyo ay kasama at sama-samang mananagot sa ahensiya para sa bahagi ng kabuuang sweldo na utang ayon sa proporsyon ng oras na nagtrabaho para sa kliyenteng pangnegosyo na iyon.

Kung mayroon kang tanong o nais mong magsampa ng habol

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa ESA, tumawag sa Sentro ng Impormasyon sa mga Pamantayan ng Trabaho ng Ministeryo ng Gawa (Ministry of Labour's Employment Standards Information Centre) sa 416-326-7160, nang libre sa 1-800-531-5551, o TTY 1-866-567-8893. Ang impormasyon ay makukuha sa iba't ibang wika.

Ang impormasyon sa ESA ay makikita rin sa seksyon ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards) sa website ng Ministeryo ng Gawa (Ministry of Labour) sa Ontario.ca/employmentstandards.

Upang magsampa ng habol, maaari mong i-akses ang Form ng Habol ng mga Pamantayan ng Trabaho (Employment Standards Claim Form) online sa Ontario.ca/ESAforms. Ang Mga Form ng Habol ay makukuha nang naka-print na sa ilang Mga Sentro ng ServiceOntario (ServiceOntario Centres). Maaari ka ring humingi ng kopya sa pamamagitan ng Mga Paglalathala ng ServiceOntario (ServiceOntario Publications) online, o pagtawag sa 1-800-668-9938; Mga May Kapansanan sa Pandinig TTY 1-800-268-7095.